# Pamamaraan Upang Makatanggap ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa Senior High School

フィリピノ語

Ang Tulong-Pantustos para sa pag-aaral sa senior high school (Tatawaging "Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral" mula rito.) ay sistema na ang pambansang pamahalaan ang magbabayad sa halip ng mag-aaral ng kaukulang matrikula ng mga mag-aaral na sumasailalim sa sumusunod na kalagayan. Hindi ito kailangang isauli, hindi tulad ng scholarship na uutangin. Ang bagong pasok na mag-aaral na nasa unang taon ay kailangang mag-apply nang dalawang beses, sa Abril at Hulyo (Ang pag-aapply sa Hulyo ay kailangan sa bawat taon).

Ang Kalagayan Upang Makatanggap ng Tulong-Pantustos

○ Dapat hindi umabot sa 304,200 yen ang kalkuladong base amount na nakalkula mula sa "halaga ng base tax (halaga ng taxable income) × 6% − halaga ng adjusted deduction ng municipal tax (para sa nagbabayad ng municipal tax sa government ordinance-designated na siyudad, halaga ng adjusted deduction ng municipal tax × 3/4)" ng magulang o tagapag-alaga, atbp.
Mga 9,100,000 yen ang huwarang taunang kita ngunit magbabago ayon sa kalagayan tulad ng pagsustento.
Sa Abril, susuriin ang halaga para sa nakaraang fiscal year at sa Hulyo naman, ang halaga para sa fiscal year na ito.
Kung ang dalawang magulang (ama at ina) ay may kita, ang huwaran ay pinagsamang halaga ng kanilang kita.

○ Dapat hindi lumampas sa 36 buwan ang total na panahon ng pagpapatala sa senior high school, atbp.
Sa senior high school na panggabing sistema at correspondence system, dapat hindi lumampas sa 48 buwan. Walang pagsasaalang-alang sa pambansa, pampubliko o probadong paaralan.

Kung hindi nakapag-submit ng application sa loob ng itinakdang panahon, o kung hindi eligible sa ayuda, kinakailangang magbayad ng kaukulang matrikula. Ang kaukulang matrikula ay hahatiin sa 4 na panahon ng pagbabayad. Ang halaga ng taunang bayad ay 118,800 yen para sa full-day na sistema, 32,400 yen para sa panggabing sistema at 330 yen kada yunit para sa correspondence system. May pagsusuri para sa pagtanggap ng tulong-pantustos para sa pag-aaral. Ang resulta ng pagsusuri sa pag-aapply sa Abril ay ipapaalam sa unang bahagi ng Hulyo (tinatayang panahon) sa pamamagitan ng paaralan.

Mahalagang malaman sa pag-a apply

Mag-apply sa loob ng itinakdang panahon sa pamamagitan ng alinman sa dalawang sumusunod na paraan

① Pag-apply on-line

② Pag-apply gamit ang papel na Application Form

Makipag-ugnayan sa opisina ng inyong eskwelahan para malaman kung sa paanong pamamaraan kayo mag-a apply

＜Kung mag-a apply on-line＞

Gamit ang ID at password mula sa opisina ng inyong paaralan na nakalagay sa Login ID Notification, mag-login at mag-apply sa "On-line application system for high school tuition support funds". Sundin ang mga instruction sa screen at mag-apply ayon sa operation manual na natanggap ninyo kasabay ng Login ID Notification.

＜Kung mag-a apply sa pamamagitan ng written Application Form＞

Isulat ang mga hinihinging detalye sa Application Form na galing sa opisina ng paaralan at i-sumite sa paaralan kasabay ng "My Number Card copy at iba pa".

Ang ibig sabihin ng “My Number Card copy at iba pa” ay mga papeles na nakasaad sa (1) o (2) sa ibaba.

(1) Mga kopya ng alinman sa mga sumusunod na papeles na nakasaad ang inyong sariling number (My Number).

- Likod ng My Number Card
- Residency certificate na mayroong nakasulat na My Number (*1)
- My Number Notification Card (*2)

*1 Kung magsusumite ng residency certificate na mayrong nakasulat na My Number, kinakailangan na inisyu ito sa loob ng 3 buwan at maaaring makumpirma ang My Number, pangalan, address, at araw ng kapanganakan ng magulang o tagapag-alaga, atbp,, pati na rin ang opisyal na selyo ng munisipalidad kung saan ito inisyu at ang araw na ito ay inisyu.

*2 Ang My Number Notification Card ay tinanggal ng Digital Procedure Act na ipinatupad noong Mayo 25, 2020, ngunit maaaring magamit kung natugunan ang alinman sa mga sumusunod na kundisyon:

- Kung walang pagbabago sa nakalagay na item (pangalan, address, araw ng kapanganakan, kasarian, at My Number)
- Kung nagsagawa ng proseso ng pagbabago ng mga nakalagay na item bago ang pagpapatupad ng batas (bago mag May 25, 2020)

◎ Kung magsusumite ng kasulatang nagpapatunay ng My Number, at walang pagbabago sa mga magulang o tagapag-alaga, hindi na kailangang magsumite ng “マイナンバーカード, My Number Card” o iba pang mga kaugnay na dokumento habang pumapasok sa paaralan.

(2) Certificate of Welfare Receipt para sa miyembro ng sambahayang tumatanggap ng suporta sa pamumuhay

- Kailangan ang orihinal na dokumentong ipinagkaloob sa loob ng 3 buwan para sa “生活保護受給証明書, Sertipiko na Tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay.” Walang bisa ang kopya. Hindi isasauli ang isinubmit na orihinal na dokumento.

*Kung mag-aapply gamit ang mga Certificate na binanggit sa (2) sa itaas, sa susunod na mag-apply kayong muli ay kailangan pa ring magsumite ng Certificate of Welfare Receipt.

*Kung hindi ka makakasumite ng alinman sa mga dokumento na sa (1) o (2), mangyaring makipag-ugnay sa opisina ng paaralan na pinapasukan.

<<Tandaan>>

Ang impormasyon sa buwis batay sa kita ay kinakailangan para sa pag-apply sa tulong-pantustos sa pag-aaral. Kung hindi mo idineklara ang iyong buwis, hindi maaaring maisasagawa ang pagsusuri kahit na isumite ang iyong My Number. Mangyaring tiyaking na ideklara ang iyong buwis sapagkat maaaring maantala ang abiso ng resulta.

# Pamamaraan Upang Makatanggap ng<br>Perang Benepisyo Para sa Tulong sa Pag-aaral

Ang Perang Benepisyo Para sa Tulong sa Pag-aaral (Tatawaging "Benepisyo sa Pag-aaral" mula rito.) ay ibibigay sa sambahayang 0 yen (hindi pinatawan ng buwis) ang total na halaga ng "道府県民税所得割額(どうふけんみんぜいしょとくわりがく), Prefectural residence tax per-income basis" at "市町村民税所得割額(しちょうそんみんぜいしょとくわりがく), Municipal residence tax per-income basis" ng lahat ng mga magulang (ama at ina)/tagapag-alaga, atbp. (tatawaging "sambahayang hindi pinatawan ng buwis mula rito), at sa mga sambahayan na tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*) upang bayaran ang mga gastusin na may kinalaman sa pag-aaral maliban sa matrikula. Hindi ito kailangang isauli. Ang pamamaraan ng pag-apply ay isasagawa sa Hulyo, nang isang beses sa isang taon, sa prepektura kung saan ang tagapag-alaga ng mag-aaral ay naninirahan.

Ang bayarin (taunang bayad) ay 32,300 yen para sa sambahayan na tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*), 122,100 yen para sa full-day na sistema at panggabing sistema, at 50,500 yen para sa correspondence system para sa sambahayang hindi pinatawan ng buwis.

Subalit sa sambahayang hindi pinatawan ng buwis, kung ang mag-aaral ay hindi pinakamatanda sa lahat ng mga anak na umaasa sa puno ng sambahayan (head of the family) na nasa senior high school (Full-time/fixed time system), o kung ang mag-aaral sa sambahayang hindi pinatawan ng buwis ay may kapatid na mas matanda sa 15 taong gulang at hindi lalampas sa 22 taong gulang at hindi nag-aaral sa junior high school, ang bayarin (taunang bayad) ay 143,700 yen. Kung nababagay ang sambahayan sa kalagayang ito, kailangan din ang papeles na pagpapatunay ng kalagayan pagsusustento ng miyembro ng pamilya.

Ang "Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral" at "Perang Benepisyo Para sa Tulong sa Pag-aaral" ay magkaibang sistema kaya kailangan ang papeles na nagpapatunay na hindi kailangang magbayad ng buwis ang lahat ng mga magulang/tagapag-alaga, atbp. Kailangan din ang xerox copy ng passbook upang tiyakin ang bank account kung saan ipapadala ang perang benepisyo para sa tulong pampasigla ng pag-aaral sa paaralan.

Bilang karagdagan, dahil sa epekto ng COVID-19, mula fiscal year 2020, idaragdag ang 2 sumusunod na sistema sa mga kasalukuyang aplikasyon.

(1) Advanced na suporta para sa mga bagong pasok na mag-aaral: Sa sambahayang may bagong mag-aaral at hindi pinatawan ng buwis sa fiscal year 2023, ibibigay ng advanced ang isang bahagi ng tulong sa pag-aaral. Para sa mga nais na mag-apply sa sistemang ito, kailangan ng ibang proseso ng pag-apply bukod pa sa kasalukuyang proseso.

(2) Suporta para sa sambahayang may biglaang pagbabagong pinansiyal: para sa dati ay hindi pasok sa sambayahang hindi pinatawan ng buwis sa fiscal year 2024 na ngayong fiscal year ay bumaba sa antas at pumasok sa sambahayang hindi pinatawan ng buwis ang kita ng lahat ng mga magulang o tagapag-alaga, atbp., magbibigay ng suporta sa pag-aaral. Ang mga sambahayang hindi sakop ng kasalukuyang aplikasyon lamang ang maaaring mag-apply dito. Para sa mga nais mag-apply sa sistemang ito, kailangang mag-sumite ng application form at ng 4 na sumusunod na dokumento.

1. Dokumentong magpapatunay ng dahilan ng pagbaba ng kita
2. Certificate of tax amount sa fiscal year 2024 (ng lahat ng magulang at tagapag-alaga, atbp.) bilang dokumento na magpapatunay sa kita bago ito bumaba

3. Dokumentong magpapatunay ng kita matapos ito bumaba (ng lahat ng magulang at tagapag-alaga, atbp.)
4. Kopya ng health insurance ID ng lahat ng miyembro ng sambahayan o kaya ay certificate of tax amount kung saan nakasaad ang bilang ng dependents.

Kung may tanong, mangyaring tawagan ang paaralan ng mag-aaral o Facilities & Financial Division of Osaka Prefectural Board of Education (06-6944-6913).